



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute  
Regional Training Center - CaLaBaRZon

# S SKLAB

Ikalimang Isyu | Enero - Hunyo 2019



"Ang gusto ko talaga ay maturuan ang mga magsasaka sa aming barangay."

**Mr. Joselito P. Tibayan**  
Magsasaka Siyentista  
FITS OPA Cavite

**SKLAB**  
Specialized Institute of Agricultural Training Institute  
Regional Training Center - Calabarzon

*Follow us!*  
[www.ati.da.gov.ph/ati-4a](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4a)  
046-419-0210  
ATICalabarzon  
@aticalabarzon

This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - Calabarzon, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: [atirtc4a@gmail.com](mailto:atirtc4a@gmail.com) for comments, feedback and suggestions



## Patnugutan

Tagapayo:  
*Marites P. Cosico*  
*Mariel Celeste C. Dayanghirang*

Punong Patnugot:  
*Rolando V. Maningas, PhD*

Tagapamahalang Patnugot:  
*Jamila Monette B. Balmeo*

Mga Manunulat:  
*Maridelle G. Jaurigue*  
*Janine L. Cailo*  
*Jamila Monette B. Balmeo*  
*Hans Christopher C. Flores*  
*Joe Kim U. Cristal*  
*Rica D. Ramos*  
*Gabriel Martin S. Dimayuga*  
*Myleen H. Nayle*

Disenyo/Layout:  
*Jamila Monette B. Balmeo*  
*Andrew M. Atienza*

## Mga Nilalaman

- 2 Patnugutan/Talaan ng Nilalaman
- 3 Kauna-unahang Media Conference ng ATI Calabarzon, isinagawa
- 4 Paglulunsad ng Cassava Model Farms
- 4 Techno-Demo sa Pagtanim ng Melon sa Open Field at sa Greenhouse
- 5 Talento ng Kabataan sa Agrikultura, ipinamalas sa "BIDA" 4H Regional Camp
- 6 Mga iba't ibang patimpalak sa naganap sa 4H Regional Youth Camp
- 7 Writeshop for "Pamayanang Laging Handa:" A Compendium of Climate Change Resilient Practices and Stories
- 8 Gabay sa Makabago at Maunlad na Pagpapalayan
- 10 "Paradigm Shift", Susi sa Pagpapalakas ng mga Komunidad
- 12 Mga Kababaihan sa Agrikultura, itinampok sa video contest
- 13 Kahalagahan ng Value Chain Analysis sa Magsasaka
- 14 Wounded-in-Action (WIA) Soldiers nagsanay sa produksyon ng Itik Pinas at baboy
- 15 Free Seminars: 2nd Semester 2019



## NEWS

## Kauna-unahang Media Conference ng ATI CaLaBaRZon, isinagawa

**Jamila Monette B. Balmeo**



TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Sa patuloy na pagbibigay ng mabilis at akmang impormasyon sa publiko, ang Agricultural Training Institute (ATI) CaLaBaRZon ay nagsagawa ng kauna-unahang media conference, ang “CONNECT: Engaging ATI RTC IVA Programs and Services through Media Linkages”. Mahigit dalawampung (20) kinatawan mula sa iba’t ibang publikasyon ng dyaryo, radyo at telebisyon mula sa rehiyon CaLaBaRZon ang dumalo sa pagpupulong. Ang mga nakilahok ay kinabibilangan ng Radyo Natin, Pulso ng Makabagong Caviteño, Cavite Times Journal, Southern Tagalog Journal, Hanep Publication, Manila Times, Remate, Tribune Post, GMA 7, Radyo Pilipinas, Punto por Punto, Monday Times, Philippine News Agency and Philippine Information Agency.

“Napakahalaga ng araw na ito dahil binubuksan ng ATI IV-A ang koneksyon sa media at kilalanin ang inyong papel sa pagpapalawig at pagbabahagi ng impormasyon sa publiko lalo na sa mga magsasaka. Kailangan namin ng tulong ng media. Kailangan namin ng tulong ninyo upang lalo pang mas mapabuti at mas mapaganda ang kalidad ng impormasyong ating pwedeng ibahagi sa mga magsasaka,” banggit ni Gng. Marites P. Cosico, Center Director ng ATI CaLaBaRZon, sa kanyang pambungad na pananalita.

Inilahad naman ni Dr. Rolando V. Maningas, Information Services Section Chief, ang mga programa at serbisyo ng institusyon. Sumunod naman ang press conference kung saan nagbigay ng mga kaukulang katanungan ang kalahok na may kinalaman sa produksyon ng Information, Education and Communication (IEC) materials, success stories, Learning Site for Agriculture at iba pa.

Kabilang sina Gng. Mariel Celeste C. Dayanghirang, Assistant Center Director at Section Chiefs ng ATI CaLaBaRZon, Gng. Sherylou C. Alfaro ng Partnership and Accreditation Services Section; G. Romeo D. Rodil ng Career and Development Management Section; at Dr. Franklin Bel T. Isip ng Policy, Planning, Monitoring and Evaluation Unit ang humarap para sagutin ang mga tanong ng mga kinatawan ng media.

Bahagi din ng programa ang paglulunsad ng Agriculturally Awesome: A Regional Farm Tourism Travel Guide volume 2 ng ATI CaLaBaRZon. Ang nasabing publikasyon ay kinapapalooban ng labimpitong (17) Department of Tourism accredited farm tourism sites, ATI CaLaBaRZon certified LSA, Schools for Practical Agriculture (SPA), Extension Service Providers (ESP), regional festivals at delicacies at Farmers Information and Technology Services (FITS) Center sa CaLaBaRZon. Bukod sa kopya ng Agriculturally Awesome na ipinamahagi sa media, nakatanggap din sila ng kit na naglalaman ng listahan ng mga pagsasanay, aktibidades ng institusyon ng 2019, LSA, SPA, ESP at ilang kopya ng IEC materials at iba pa.



Ang Connect: Engaging ATI RTC IVA Programs and Services through Media Linkages ay naglalayon na makapagtatag ng ugnayan sa mga media. Ito ay ginanap noong ika – 8 ng Marso 2019 sa ATI CaLaBaRZon Training Hall, Trece Martires City, Cavite.

## Paglulunsad ng Cassava Model Farms

Joe Kim U. Cristal, Rica D. Ramos at Gabriel Martin S. Dimayuga

FITS Candelaria, Quezon

CANDELARIA, Quezon - Paglulunsad ng model farm: tugon sa tumataas na demand para sa cassava at magsisilbing oportunidad para sa mga magsasaka.

Isa sa pangunahing itinanim sa bayan ng Candelaria, Quezon ay ang cassava o kamoteng-kahoy na kilala rin sa tawag na balinghoy. Ito ay may kabuuang 207 ektarya na taniman na kung saan mayroong 179 na magsasaka ang kaugnay sa produksyon. Dahil sa tumataas na bilang ng magsasaka na nagtanim nito at lumalawak na taniman kasabay ng lumalagong demand para sa cassava, ang Department of Agriculture – Regional Field Office IV-A (Corn Program) sa pakikipagtulungan ng Municipal Agriculture Office ng Candelaria, Quezon ay maglulunsad ng mga model farm upang ipakita at isagawa ang mga rekomendadong teknolohiya at pamamaraan para mas mapaunlad ang kaalaman at kakayahan ng mga magsasaka sa lugar.



Si Bb. Arlene V. Natanauan ng DA- LARES habang ipinapaliwanag ang panuntunan ng proyekto para sa cluster cooperators

Bilang pormal na panimula ng proyekto, ang Briefing for the Establishment of Cassava Model Farms ay isinagawa noong Hunyo 27, 2019 sa Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center ng Candelaria, Quezon. Ito ay dinaluhan ng mga miyembro ng Candelaria Cassava Growers Association, ang napiling cluster cooperators para sa model farm.

Sa nasabing aktibidad, tinalakay ang mga rekomendadong pamamaraan sa produksyon ng cassava mula sa pagpili ng pananim hanggang sa pag-ani. Binigyang diin din ang kahalagahan ng tamang pangangalaga sa cassava upang magkaroon ng mas mataas na ani. Gayun din ang mga panuntunan sa ilulunsad na model farms. Ang Department of Agriculture RFO IV-A ay mamamahagi ng planting materials, pataba at bio-control na kinakailangan para sa 30 ektaryang model farm. Kasama din sa ibibigay sa cluster cooperators ang kinakailangang makinarya, kagamitan at pasilidad upang mapababa ang gastos sa produksyon, mapataas ang ani at kalidad ng cassava. Sa tulong ng Agricultural Training Institute ay magkakaroon ng espesyal na pagsasanay upang mapalawak ang kaalaman at teknikal na kakayahan ng mga magsasaka. Sa pamamagitan ng Agribusiness and Marketing Division ng DA, ang mga magsasaka ay mai-uugnay sa mga potensyal na mamimili ng cassava matapos maisakatuparan ang model farm.

Sa mas mababang gastos sa produksyon dahil sa paggamit ng mga makinarya, ang mga model farm ay inaasahang magkaroon ng di bababa sa 20 tonelada kada ektaryang ani na may mas mataas na kalidad at malulusog na pananim para sa susunod na panahon ng taniman.

## Techno-Demo sa Pagtanim ng Melon sa Open Field at sa Greenhouse

Myleen H. Nayle, FITS OPA Batangas

Ang Tehnology Demonstration (Techno-Demo) ay isa sa mga pangunahing gawain ng Research and Planning Division ng Office of the Provincial Agriculturist Batangas bukod pa sa mga Verification at Adaptation Trials, atbp., na naglalayong malaman at mapatunayan kung ang mga ito ay angkop na isagawa sa lalawigan ng Batangas. Isa sa mga naisagawang Techno-Demo ngayong taon ay ang pagtanim ng melon (Cucumis melo) na isinagawa sa open field at sa greenhouse. Ito ay naglalayong malaman kung aling sistema ng produksyon ang magiging kapakipakinabang kaakibat ang makabagong teknolohiya sa pagtanim ng melon at mapalaganap ang pagtanim nito sa lalawigan ng Batangas bilang isa sa mga opsyon bukod sa palay, mais at gulay.

Ang nasabing proyekto ay isinagawa sa OPAg Demo Farm sa loob ng tatlong buwan. Isa sa mga teknolohiyang ginamit ay ang net bagging upang magsilbing proteksyon sa mga bunga laban sa mga mapanirang insekto nang sa ganun ay maiwasan ang

paggamit ng mga kemikal na pamatay insekto.

Ayon sa naging resulta ng pag-aaral, bawat sistema ay may kakayahang magbigay ng magandang bunga, ngunit mas magiging kapaki-pakinabang ang open field cultivation para sa mga karaniwang magsasaka dahil bukod sa marami ang naging bunga ay mas maaga pang nagmamature ang nagiging bunga nito. Sa isang banda, may hatid din namang kapakinabangan ang greenhouse cultivation kahit pa ito ay kailangang gamitan ng artificial pollination o ang pagsasalin ng pollen ng lalaking bulaklak sa stigma ng babaeng bulaklak dahil sa kawalan ng mga insektong tumutulong sa pollination sa loob ng greenhouse. May kalakihan lamang ang kinakailangang puhunan para sa pagtanim sa greenhouse kumpara sa open field.

Napatunayan na angkop ang teknolohiya sa pagtanim ng melon dito sa lalawigan ng Batangas maging ito ay sa open field o sa greenhouse man.

## NEWS

## Talento ng Kaabataan sa Agrikultura, ipinamalas sa “BIDA” 4H Regional Camp

Maridelle G. Jaurigue

PANGIL, Laguna - Muling ibinida ang mga talento at katangi-tanging proyekto ng mga kabataang 4Hers sa taunang Regional 4H Camp sa rehiyon-CALABARZON.

May temang, “Bringing Innovation and Development to Agriculture through 4H,” ang taunang pagtitipon ay nagbigay-halaga sa mga inobasyon at negosyong pang-agrikultura ng mga kabataang 4Her. Ito ay naipamalas sa iba’t-ibang patimpalak tulad ng Cacao-based Processing and Packaging Technology, Terrarium, at Promotional Video Making. May mga bago ding patimpalak ngayong taon kabilang ang Spoken Poetry and Song Writing and Singing competition na patok sa kasalukuyang henerasyon ng kabataang 4Her.

Ang mga kalahok ay ginabayan ng mga lokal at panlalawigang 4H coordinators. Narito ang mga nagwagi:

Terrarium - Alejandro Cagibas, (Rizal province)  
Cacao-based Processing and Packaging Technology - Andy Busilig (Batangas province)  
Spoken Poetry - Mark Libuna (Laguna province)  
Promotional Video Making - Jarell Timbang (Rizal province)  
Quiz Bee - Leanne Quina Cabangon (Quezon province)  
On-the-Spot Canvass Painting - Clarence Villanueva (Laguna province)  
Song Writing and Singing Competition - Joshua De Villa (Batangas province)



4H member Jan Nico Manlapid, Antipolo City  
1st runner-up painting



Candle lighting ceremony

Tampok din sa pagtitipon ang paksa ukol sa “Innovative Ways to Engage the Youth into Agriculture.” Sa pagtatalakay ng Manager ng ABF Integrated Farms and Agribusiness Center na si Ginoong Brian Belen, pinukaw niya ang kamalayan ng mga kabataang 4Her tungkol sa mga hamong kinakaharap ng agrikultura sa bansa. Kaniyang inisa-isa ang ilan sa mga propesyon na maaaring tahakin ng mga kabataan sa sektor, katulad ng Plant Breeding, Agripreneurship, Agronomy at Agricultural Engineering.

Sa kabuuan, 152 na kabataang 4Hers, municipal coordinators at VLAP (Volunteer Leaders Association of the Philippines) mula sa limang probinsya sa rehiyon ang nagtipon-tipon tungo sa maigting na samahan at pagpaparami ng mga kabataang-lider sa sektor ng agrikultura.

Ang ika-anim na 4H regional camp ay isa sa mga inisyatibo ng Agricultural Training Institute upang hubugin ang mga kabataang magsasaka na maging “Agripreneurs” ng bansa. Ito ay ginanap noong ika-10 hanggang ika-12 ng Abril sa Panguil River Eco Park.



NEWS

Mga iba't ibang patimpalak sa naganap na 4H Regional Youth Camp




*Cacao Based Processing and Packaging Technology*



*Terrarium (Glass Gardening)*



*Promotional Video Making*



*Spoken Poetry*



*On-The-Spot Canvass Painting*



*4H Quiz Bee*



## NEWS

## *Writeshop for Pamayanang Laging Handa:* A Compendium of Climate Change Resilient Practices and Stories

Hans Christopher C. Flores



Si G. Hector Ronquillo at G. Rizalito Astrera, dalawa sa benepisaryo ng programang “Pamayanang Laging Handa”, habang nagbibigay ng kasagutan ukol sa proyekto

GENERAL NAKAR, Quezon - Ngayon taon, ang ATI Region IVA, sa pamamagitan ng Information Services Section ay naglalayon na makalikha ng mga compilation ng Success Stories, na kinatatampokan ng mga dokumentasyon, proyekto at kasanayan ng mga benepisaryo ng programang Pamayanang Laging Handa. Sa pamamagitan nito, ninanais ng ATI na maipakita sa publiko ang mga hakbang sa agrikultura lalo na sa adaptation at mitigation ng epekto ng climate change.

Ang mga lumahok sa writeshop ay mula sa mga SLSU, PCA, OPA-Quezon, LGU-Gen. Nakar. Dalwampu't lima (25) na mga kalahok ang sumailalim sa aktibidad na may titulong Writing Workshop for Pamayanang Laging Handa: A Compendium of Climate Change Resilient Practices and Stories.

Ang nasabing gawain ay ginanap noong May 29-31, 2019, sa bayan ng Gen. Nakar, Quezon. Nagtungo din ang mga kalahok sa Bgry. Magsikap upang makapanayam at alamin ang ibat ibang pagsasanay ng mga benepisaryo sa pagsasaka.

Layunin ng aktibidad na umunlad ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagsulat at sa pagbuo ng mga kwento. Upang maayos itong maisulat at madokumento.

Sina Bb. Erika Z. Vizcarra at Gng. Antonieta Arceo ang nag-silbing taga-pagsalita at gumabay sa mga kalahok.

Inaasahan sa mga kalahok na matipon nila ang mga kinakailangan kompyलयon ng mga pagsasanay ng mga benepisaryo ng programa upang makabuo ng “compendium.”



Si Bb. Delcenia P. Montales, isa sa mga benepisaryo, habang isinasagawa ang proseso ng coco coir para maging geonet





## FEATURE STORY

## Gabay sa Makabago at Maunlad na Pagpapalayan

Hans Christopher C. Flores



“Tsamba,” ito ay may kahulugang nauukol sa isang tagumpay na likha ng isang mabuting pagkakataon o masuwerteng pangyayari. Kadalasan, ito rin ay nangyayari sa ating mga magsasaka ng palay, dahil karamihan sa kanila ay umaasa pa din sa tsambang pagtatanim. Nguni’t may ilang magsasaka sa bayan ng Siniloan, Laguna, na hindi na tsamba kung umani ng palay at dahil ito sa teknolohiyang gabay na RCM o Rice Crop Manager.

Ang Siniloan ay bayan na matatagpuan sa lalawigan ng Laguna. May lawak itong 6,040 ektarya at 800 ektarya ang nakalaan sa pagpapalayan. Taong 2016, ipinakilala ng Tanggapang Bayan ng Agrikultura sa mga magsasaka ang RCM, ito ay ng makatapos ang mga tekniko ng bayan ng mga pagsasanay sa Agricultural Training Institute Region IVA. Dahil sa aktibong pagpapalaganap ng pag-gamit ng RCM sa mga magsasaka, ang Farmers Information and Technology Services Center (FITS Center) sa bayan ng Siniloan ay nagawaran ng mga karagdagan kapasidad at gamit para maging RCM – enhanced FITS Center. Kaalinsabay nito, naging paunang pangangailangan ang magkaroon ng gabay ng RCM ang mga magsasaka para makakuha ng iba pang regular na serbisyo ng tanggapan kagaya ng pagpapaseguro, pamimigay ng binhi at pataba, at iba pang programa. Sa nagdaang taniman, ang bayan ng Siniloan, Laguna ay nakakapag-tala na ng ani na umaabot sa 7.12 metriko tonelada kada ektarya.

### Ang Bagong Tuklas na Teknolohiya

Parte na ng pagsasaka ang paglalagay ng mga pataba sa mga pananim nguni’t mahalaga din palang malaman kung gaano karami ang ilalagay na mga pataba. Gayundin, dapat isaalang-alang ang uri ng binhi na gagamitin dahil magkaiba ang pangangailangan ng hybrid sa inbred na variety. Ito ang natutunan ni **G. Avelino Paulete mula sa Brgy. Salubungan, Siniloan, Laguna**. Nabanggit niya na labing dalawang taong gulang pa lamang siya ng mahikayat siya ng kanyang lolo sa pagsasaka. Noong hindi pa niya alam ang gabay ng RCM ay malaki ang kaniyang nagagastos sa pagpapalay dahil sobra ang kanyang mga ginagamit na pataba na dahilan upang bumaba ang kanyang kita sa pagtatanim ng palay.

Mayroon ding mga pagkakataon na kulang ang kanyang inilalagay na pataba, na kung sapat lang sana ang kanyang pag-aabono, maaaring mas malaki pa ang kanyang produksyon. Kaya naman nang ipaalam ng kanilang Agricultural Technician ang RCM ay sinubukan niya ang mungkahing ito. Batay sa kanyang karanasan, malaki ang naitulong ng RCM sa kanyang pagsasaka dahil nagkaroon na siya ng tamang gabay sa pag-aabono. “Ngayon, alam ko na ang tama at dami ng patabang gagamitin ko sa akin palay.” Hindi na siya magtatantisa sa pagsasabog ng pataba, higit sa lahat ay naiibigay na niya ang kailangang dami, at nakakatipid pa sapagkat naiiwasang masayang pa ang abono.

Napatunayan niya ang mga magagandang dulot ng paggamit ng RCM dahil tumaas ang kanyang ani at nabawasan ang kaniyang gastos sa pagpapalayan. “Dapat sila’y gumamit na din ng RCM para gumanda lalo ang kanilang ani,” mungkahi ni Avelino sa kapwa niya magsasaka na hindi pa gumagamit ng gabay ng RCM.





## FEATURE STORY

### Pamamahala ng Palayan

Bahagi rin ng pagtatanim ng palay ang pamamahala sa pagtatanim ng punla hanggang sa paglaki. Nguni't may ilang magsasaka ang hindi pa nakaka-alam ng mga hakbang sa tamang pangangalaga ng palayan halintulad sa kinagawian ni **G. Genaro Bautista ng Brgy. Macatad, Siniloan, Laguna**. Katulad ng ibang magsasaka hindi niya batid ang mga hakbang sa tamang pangangasiwa ng palayan, "madalas kapag gawaan ng tubigan ay gumagaya lang ako sa aking mga katabi kung anu ang kanilang mga ginagawa sa palayan," banggit ni Genaro. Kaya naman ng mabigyan siya ng rekomendasyon ng RCM mula sa kanilang tekniko ng agrikultura ng kanilang bayan, ay nalaman niya ang kahalagan sa pag-hahanda ng mga kamang taniman hanggang sa pagpapalaki ng butil ng palay. "Natutuhan ko na kailangan palang lagyan ng Zinc ang mga kamang taniman dahil nakakatulong ito sa maganda at mabilis na paglaki," kwento niya.

Nagabayan din siya ng RCM sa tamang pagpapatubig ng palayan. Nakapaloob sa rekomendasyon kung kailan babawasan at dadagdagan ang tubig sa palayan upang makontrol ang paglago ng mga damo. Maging ang pagkontrol ng peste ay nalaman din niya sa RCM. Nalimitahan niya ang mga paggamit nito dahil nalaman niya na malakas ang resistensya ng palay sa unang 30 araw, kaya hindi na kailangang mag-spray. "Malaking tulong ang RCM dahil nabawasan nito ang aking gastos sa pag-papalayan," pagmamalaki ni Genaro.

Sa ngayon, regular ng bumibisita si Genaro sa FITS Center upang makakuha ng gabay at rekomendasyon ng RCM sa tuwing magsisimula ang taniman.

### Tamang Tiyempo

Hindi lang sa pagsasayaw at pagkanta kailangan ang tamang tiyempo o timing. Kailangan din pala ito ng mga magsasaka upang mas lalong gumanda at maparami ang kanilang mga ani. Kadalasan hindi tugma sa timing ang ating mga magsasaka sa paglalagay ng abono na nagiging dahilan ng paghina ng kanilang produksyon. Ito samakatuwid ang natutunan ni **G. Rodel Realeza ng Brgy. Halay-hayin, Siniloan, Laguna**. Bata pa lamang ay katulong na siya ng kanyang mga magulang sa pagsasaka. Kaya naman laking gulat niya sa resulta ng kanyang ani ng subukan niya ang rekomendasyon ng RCM. Sabi nga niya "noong una, kapag nakita ko yung aking mga karatig na nagsasabog na, ay nagsasabog na din ako." Mahalaga ang timing sa paglalagay ng abono lalo na sa panahong nagsusuwi at naglilihi ang palay. Ito ang mga yugto na may malaking epekto sa pag-ani.

Natutunan niya din kung anong uri ng abono ang kanyang gagamitin sa bawat yugto ng palay. Batid ni Rodel, "nakatulong ang RCM upang maparami ang aking ani, dahil naisasabog namin ang aming abono sa tamang panahon na kailangan ng palay."

Dahil dito hinikayat ni Rodel ang kanyang mga kasama na gumamit ng RCM. Malaki ang tulong na naidudulot ng paggamit ng RCM maging sa produksyon at kita ng mga magsasaka. Ito ang makabagong pamamaraan alinsunod sa rekomendasyong binibigay ng teknolohiya para sa ikauunlad ng pagsasaka. Patunay na rito ang mga testimonya nila Avelino, Genaro at Rodel, mga magsasaka mula sa Siniloan, Laguna na angkop na ina-apply ang gabay at rekomendasyon ng RCM.



Ang RCM ay isang aplikasyon na binuo sa pagtutulungan ng IRR1 at Kagawaran ng Agrikultura na maaaring makita sa mga cellphone o computer na may internet koneksyon. Ito rin ang instrumento ng mga tekniko ng agrikultura upang mabigyan nila ang mga magsasaka ng tiyak na rekomendasyon o gabay sa mga gagamitin nilang pataba, pamamahala ng mga peste, damo at patubig para sa mga kanilang pananim na palay. Ang mga magsasaka na may gabay ng RCM ay nakakatanggap din ng mga mensahe at tawag sa kanilang ibinigay ng numero ng telepono upang ipa-alala ang mga gawain nakapaloob sa naturang gabay. Sa pamamagitan ng pinalakas na nutrient management ng pananim, nilalayan ng RCM na madagdagan ng 300 kg. na palay ang bawat ani kada ektarya. Naglalayan ito na madagdagan ang kita ng mga magsasaka ng palay.

## COVER STORY

# "Paradigm Shift," Susi sa Pagpapalakas ng mga Komunidad

Maridelle G. Jaurigue

Ang isang magsasaka ay naglalayong makapagdulot ng pagkain sa hapag at matamasa ang bunga ng kaniyang pinag-hirapan upang masuportahan ang pangangailangan ng kaniyang pamilya.

Nguni't, isang magsasaka na tubong Naic, Cavite na kilala sa tawag na "Manager Yhet" ay nangangarap nang higit dito.

"Ang gusto ko talaga ay maturuan ang mga magsasaka sa aming barangay," aniya.



### Pagpasok sa Sektor ng Agrikultura

Ginunita ni Manager Yhet kung paano siya pumasok sa sektor ng agrikultura taong 1987. "Lumaki ako sa farming. Kaya lang, ang magulang ko ay walang lupa noong araw. Namumuwan sila," kwento niya. Isang self-supporting na estudyante, pinaaral niya ang sarili noong high school at binalak na kumuha ng kursong Accounting o Engineering sa Maynila.

Sinubukan nyang pagsabayin ang trabaho at pag-aaral upang mapa-aral ang sarili sa kolehiyo. Nagtrabaho din siya bilang factory worker, nguni't dahil sa krisis sa ekonomiya noong EDSA Revolution, hindi nagtagumpay ang kaniyang mga adhikain. Matapos mag-trabaho sa Maynila sa loob ng anim na taon, nagdesisyon siyang umuwi sa probinsya kung saan kaagad siyang ipinatawag upang dumalo sa isang seminar na pinangunahan ng Department of Agriculture-TECHGEN na ngayon ay CARES o Cavite Agricultural Research and Experiment Station.

### Ang Mananaliksik na Magsasaka

Taong 1994, kasama siyang nagtatag ng Palangue Agrarian Reform Cooperative kasama ang 33 miyembro mula sa Barangay Palangue 2, Naic, Cavite. Inihalal siyang Chairman matapos ipa-rehistro sa CDA o Cooperative Development Authority ang kanilang kooperatiba noong 1995.

Nakita ni Manager Yhet ang dalawang problema na karaniwang kinakaharap ng magsasaka sa kaniyang komunidad: teknolohiya sa pagsasaka at kapital. Sinolusyunan niya ang problema sa teknolohiya sa pagiging isang tagapag-saliksik sa mga proyekto ng DA-CARES sa loob ng isang dekada. Nagsimula siyang magtanim ng mga kamatis at masusing pinag-aralan ang paraan ng pagtanim ng lowland na mga gulay.

Mula sa pag-aaral at pag-eksperimento, nakapag-develop siya ng zero tillage technology at kaniya itong sinubukan sa higit isang ektaryang kaniyang inuupahan.

"Sa paraang ito, makakatipid ka ng 42 porsyento ng produksyon. Walang [kailangang] land preparation, walang masyadong labor. Yung trellis ay naka-disenyo sa kahit anong gulay," paliwanag niya.

Kumbinsido si Manager Yhet na ang pagtanim ng gulay ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa at pag-aaral upang makapagpabunga nang maayos at kumita mula rito.

Dahilan rin sa kanyang pag-pupursigi at pakikipag-ugnayan sa DA-CARES napili siya upang maging isa sa unang Magsasaka Siyentista (MS) ng Agricultural Training Institute Region IV-A. Bilang MS, nagsisilbi siyang tagapagsalita sa mga pagpupulong ng magsasaka upang magbahagi ng mga matagumpay na pamamaraan at karanasan sa paggugulayan. Dagdag pa dito, inaasahan din na patuloy siyang tutuklas at magsasagawa ng mga pamamaraan at teknolohiya bilang huwaring magsasaka sa kaniyang komunidad.



## COVER STORY

Upang matulungan ang mga magsasaka na palawigin ang kanilang kabuhayan, hinikayat niya ang mga ito na sumapi sa kooperatiba.

"Nakita ko ang kagandahan ng cooperative kaysa sa association [ng magsasaka]. Sa association kasi, very powerful ang leaders. Samantalang sa cooperative, balewala ang leader basta hindi napagkasunduan ng kasapian," aniya.

### Pagpapalakas sa Kakayahan ng mga Miyembro

Simula taong 2003, naninilbihan bilang General Manager ng kooperatiba si Manager Yhet. Ang kanyang pamumuno ay naka-angkla sa "transparency" at tiwala ng mga miyembro. Ang unang hamon sa kanyang liderato ay pag-kumbinsi sa mga miyembro na isang mabuting desisyon ang pagsapi sa kooperatiba.

"Namuno ako na every general assembly, bilang ko ang pera sa harap nila," kwento niya. Ito ay nagbigay ng magandang impresyon sa mga miyembro na nasa mabuting kamay ang kanilang mga kabuhayan.

Bilang resulta nito, mas marami ang naengganyong sumapi sa kooperatiba. Sa katunayan, ayon kay Manager Yhet, 98% ng magsasaka sa kanilang barangay ay miyembro na ng kooperatiba at tumatamasa sa benepisyo nito. Nagsimula sa 34 apat na miyembro noong 1995, ngayon ay mayroon na silang 300 aktibong miyembro.



Ang mga kasapi ay maaaring kumita sa maraming paraan: pagbenta ng kanilang ani, at pagtanggap ng kaukulang dibidendo sa pagtangkilik sa mga serbisyo at produkto ng kooperatiba.

Halimbawa, binibili ko ng singkuenta pesos sa farmer ang isang kilong ampalaya, tapos ibebenta sa consolidator ng P60. So, may sampung pisong kita ang cooperative," paliwanag ni Manager Yhet. Dagdag niya, ito ay win-win para sa miyembro at kooperatiba.

Isa pang bentahe ay maaari silang umutang ng kapital sa kooperatiba, sa kondisyon na magbabayad sila matapos ang anihan sa itinakdang kasunduan. Ang isang miyembro ay maaaring maka-utang mula P2,040 hanggang 85% ng kanyang shared capital. Ang kinakailangang pinaka-mababang shared capital sa isang bagong miyembro ay P2,400.

Ikinuwento ni Leonardo Legaspi, isa sa mga unang miyembro ng kooperatiba kung paano nabago ang kanilang buhay simula ng sumapi siya sa samahan.

"Noong una, kami naman ay pagbubukid lang ang ikinabubuhay. Parang lumalakas ng kaunti ang kita, nakaka-atikha ng kaunting gamit. Ngayon, ang anak ko ay malalaki na, nakapag-aral naman sila dahil ako'y nagbubukid at sa cooperative ay nakaka-utang din. Kaya malaking tulong," aniya.

### Plano para sa mga Kooperatiba

Sa 300 aktibong miyembro, wala pang plano na palawakin ni Manager Yhet ang sakop ng kooperatiba.

"Sa experience ko, pag malawak ang membership, ang resources ay uunti at maapektuhan ang members na pinangarap kong umunlad," paliwanag niya. Gayunpaman, bukas siya na umayuda sa mga kooperatibang nais ding magtagumpay sa industriya.



Sa kasalukuyan, pinaghahandaan ng kooperatiba ang operasyon ng bagong tayong processing facility na makadaragdag halaga sa kanilang mga ani. Ilan sa mga nais nilang i-proseso na produkto ay ube jam, ampalaya juice with honey, pickled papaya and cucumber, at special bagoong alamang na magsisilbing OTOP o One-Town-One-Product ng bayan ng Naic.

Ang tanging nilalayan ni Manager Yhet para sa kooperatiba ay produktibong kabuhayan at tagumpay para sa mga miyembro nito. Kanyang nakikita ang bawa't miyembro na may pinansyal na kapasidad na makapagpatapos ng pag-aaral ng mga anak. Upang makamantan ito, ipinapayo niya na magkaroon ng "paradigm shift" ang bawat magsasaka.

"Kailangan bukas tayo sa bagong kaalaman at patuloy na mag-aral."

## NEWS

### Mga Kababaihan sa Agrikultura, itinampok sa video contest

Janine L. Cailo

TRECE MARTIRES CITY, Cavite- Iba't ibang katangi-tanging kuwento ng kababaihan sa larangan ng agrikultura ang itinampok sa pagdiriwang ng National Women's Month.

Pinangunahan ng Agricultural Training Institute Region IV-A ang "AgriWomen" na may tema "We Make Change Work For Women."

Ang video contest ay isa sa mga gawain ng Center na naglalayong itaguyod ang kamalayan sa gender equality, Anti-Violence against Women and their Children (VAWC) and Gender and Development (GAD).

Ito ay binuksan sa mga interesadong Farmer's Information and Technology Service (FITS) Center at nilahukan ng labing isang FITS Centers mula sa iba't ibang probinsya ng CaLaBaRZon.



Tinanggap ng FITS Gumaca sa pangunguna ni Ms. Dayunot, FITS Manager ng Gumaca, Quezon, kasama ang FITS staff ang premyo at pagkilala mula sa ATI IV-A sa pangunguna ni ATI IV-A Center Director Ms. Marites P. Cosico.

Nakamit ng FITS Center Gumaca, Quezon ang unang parangal. "Malaki ang coverage ng video na ito, na kung saan iba't ibang pong feedback ang aming naririnig o nababasa. Positive po ang dating sa mga tao," ani ni Ms. Socorro Brigette T. Dayunot, ang FITS Manager at Municipal Agriculturist ng Gumaca, Quezon

Iginawad naman sa FITS Center Morong, Rizal ang pangalawang puwesto at matagumpay na nakuha ng FITS Center Antipolo City ang ikatlong puwesto.

Ang mga nanalo ay nakatanggap ng mga premyo at sertipiko ng pagkilala. Gayundin, ang tatlong nagwaging videos ay inilagay sa official page ng ATI IV-A sa Facebook.

Ang paggawad ng parangal ay naganap sa ATI IV-A Training Hall, Trece Martires City noong Marso 18, 2019. Ang nagsilbing mga hurado ay sina Bb. Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II ng ATI IV-A; Gng. Gigi Morris, farm owner ng MoCa Family Farm RLearning Center at Bb. Ann Rachael Santos, senior video editor mula sa Brighttank Inc.



FITS Morong ang nakatanggap ng ikalawang parangal



FITS Antipolo City ang nakakamit ng ikatlong puwesto



## NEWS

**Kahalagahan ng Value Chain Analysis sa Magsasaka**

Hans Christopher C. Flores

CALATAGAN, Batangas - Ang merkado (market) ang pinto para sa mga magsasaka upang mapaunlad ang kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng mga perang nakukuha nila sa pagbebenta ng kanilang mga ani. Upang makabuo ng isang matatag na komunidad, kailangan na isaalang alang na ang kanilang maani ay kanila ring maiibenta. Madalas silang nagtatanim at nag-aalaga ng hayop, ngunit hindi naman sila sigurado kung maibebenta ba nila ito? Ang pangyayaring ito ay maaaring magdulot ng sobrang suplay sa mga merkado, dahilan upang kumonti ang kita ng mga magsasaka.

Ang Value Chain Analysis ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalano, pag-aaral at paggawa ng balangkas, ng isang kalakal. Maaari ding makita dito ang daloy ng isang kalakal sa merkado (Kaplinsky at Morris). Nakatutulong din ang Value Chain Mapping sa pagtuon para sa risk-analysis, nagagawa nitong paunlarin ang good risk communication (FAO 2012).

Kamakailan, 25 na magsasaka na benepisaryo ng programang Climate Resilient Agriculture ay sumailalim sa pagsasanay na may titulong: Climate Resilient Agriculture Pilot Projects Value Chain Analysis: Planning for the Development of Market-oriented Agricultural Enterprises. Layunin ng pagsasanay na suriin ang value chain ng partikular na kalakal sa mga lugar na proyekto ng ATI.

Nagsilbing tagapagsalita si G. Luz Guevarra mula sa Tanggapang Agrikultor ng Nasugbu, Batangas. Kasama din niya si G. Rafael Romulus Catada ng Lobo, Batangas at G. Norberto Licong Jr. ng Magdalena, Laguna. Ginabayan din nila ang mga magsasaka sa pag-pag-aanalisa ng value chain sa kanilang mga kalakal. Ang mga kalahok ay inaasahang gumawa ng market plans para sa kanilang proyektong pangkabuhayan.



Si Yveth Fernandez, isa sa mga kalahok, habang nagsasagawa ng market survey bilang parte ng pagsasanay sa Value Chain Analysis

## Wounded-in-Action (WIA) Soldiers nagsanay sa produksyon ng Itik Pinas at baboy

Janine L. Cailo



NASUGBU, Batangas - Pinangunahan ng Agricultural Training Institute Region IV-A kasama ang Department of National Defense sa pamamagitan ng Wounded Soldiers Agriculture Association (WSAC), ang apat na araw na pagsasanay na pinamagatang "Training Course sa ItikPinas (IP) at Native Pig Production."

Dinaluhan ito ng dalawampu't-walong (28) Wounded-in-Action na mga sundalo at ang kanilang mga dependents. Layunin ng pagsasanay na linangin ang kasanayan at kaalaman ng mga kalahok sa mga potensyal ng mga katutubong hayop tulad ng ItikPinas (IP) at baboy.

Ayon sa DOST-PCAARRD, ang katutubong hayop ay itinuturing na mahalagang bahagi ng produksyon. Pinapalaki nila ang mga suplay ng pagkain, nagbibigay ng mataas na kalidad na pagkain ng profina, at pinagkukunan ng kabuhayan.

Dalawa sa mga hayop na ito na karaniwan sa Pilipinas, ay ang katutubong baboy at ItikPinas (IP). Nagkaroon ng iba't ibang talakayan patungkol sa tamang pamamahala ng produksyon ng Itik Pinas at katutubong baboy.

Itinuro naman ni Dr. Rene S. Santiago, BAI-NSPRDC Center Chief IV, ang breeding at produksyon ng Itik Pinas.

Samantala, upang ipakita ang mga potensyal na by-products at merkado ng katutubong baboy, tinalakay ni Gg. Ian B. Cabriga ng Teofely Nature Farms ang pamamahala at produksyon ng mga katutubong baboy.

Binigyan diin din niya ang mga hakbang sa paggawa ng mga natural concoctions tulad ng Fermented Fruit Juice (FFJ) at Fermented Plant Juice (FPJ).

Ibinahagi naman Chef Roy B. Resurreccion mula sa Teofely Nature Farm ang kaniyang kaalaman sa paggawa ng iba't ibang mga produkto ng katutubong baboy tulad ng longanissa at lechon.

Sa pagsasara ng programa, ibinahagi ni Ms. Marites Piamonte-Cosico, ATI IV-A Center Director, ang patuloy na suporta at pakikipagtulungan ng ahensiya. Naglaan din ang ahensiya ng apat na biik at isang barako naman mula sa Teofely Nature Farm.

"Kayo ang mga sundalo na naghahandog ng buhay para sa bansa, dapat lamang na mabigyan kayo ng hanap-buhay." dagdag niya.

Ang pagsasanay ay ginanap sa Brgy. Biliran, Nasugbu, Batangas noong Hunyo 3-6, 2019.



Pinangunahan ni BAI-NSPRDC Center Chief IV Dr. Rene S. Santiago kasama si 1LT Jerome Jacoba ang pagsasanay sa Itik Pinas & native pig.



# Free Seminars 2nd Semester 2019



## July 23 Edible Landscaping

ATI Training Hall,  
Trece Martires City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com



## August 27 Cacao Production & Processing

ATI Training Hall,  
Trece Martires City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com



## September 24 Hydroponics & Aquaponics

ATI Training Hall,  
Trece Martires City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com



## October 18 Meat Processing

Batangas City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com



## November 26 Dish and Container Gardening

ATI Training Hall,  
Trece Martires City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com



## December 3 Mushroom Production & Processing

ATI Training Hall,  
Trece Martires City



8575 Caserino St. Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite | 0949-889-6318 | (046) 419-02-10 | atirtda@gmail.com




Department of Agriculture  
Agricultural Training Institute Region IV-A

8575 Camerino Street, Brgy. Lapidario  
Trece Martires City, Cavite

- (046) 419 0210
- [www.ati.da.gov.ph/ati-4a/](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4a/)
- [atirtc4a@gmail.com](mailto:atirtc4a@gmail.com)
- [www.facebook.com/ATICalabarzon](https://www.facebook.com/ATICalabarzon)
- @aticalabarzon
- @aticalabarzon

SIKlab: Official Newsletter  
Agricultural Training Institute Region IV-A

Enero - Hunyo  
**2019**  
ACCOMPLISHMENT  
(Extension Activities)



Total Extension Activities: **77**  
Total Participants: **2,501**